

# MGA KARAPATAN NG IMIGRANTE SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN: PAGGAMOT AT SAKLAW MARSO 2021



**May karapatan ang lahat ng tao, kabilang ang mga hindi dokumentadong imigrante, sa mga pang-emergency na serbisyo sa kalusugan.** Dapat tulungan ng mga emergency room ng ospital ang sinumang nangangailangan ng mga pang-emergency na serbisyo at dapat rin tulungan ng mga pangkomunidad na health center ang sinuman. Gagamutin ka nila mayroon man o wala kang insurance, pera o mga dokumento ng imigrasyon.

**Nagmamalasakit ang mga healthcare worker sa iyong kalusugan, hindi sa iyong katayuan sa imigrasyon.** Makakakuha ang mga pasyente ng pangangalaga nang may kumpiyansa na mananatiling pribado ang kanilang personal na impormasyon. Iniaatas ng mga patakaran sa mga ahensiya ng imigrasyon na iwasan na makialam sa mga pag-aksyon sa loob at labas ng mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan tulad ng mga ospital, health clinic, agarang pangangalaga at mga tanggapan ng doktor.

**Maaaring humingi ang mga ospital o doktor ng ID na may larawan - para beripikahin lamang na ang taong tatanggap ng paggamot ay ang parehong taong nakalista sa mga medical record o reseta.** Kung wala kang ID na may larawan, maaari mong sabihin ang "I need medical care but I do not have a photo ID (Kailangan ko ng medikal na pangangalaga pero wala akong ID na may larawan)".

**Hindi mo kailangang magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon para makakuha ng pangangalagang pangkalusugan.** Hindi dapat maging hadlang ang iyong katayuan sa imigrasyon para makatanggap ng pangangalaga. Hindi dapat itanong ng tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan ang tungkol sa iyong status sa imigrasyon, maliban na lang kung tinutulungan ka nilang mag-apply para sa Medicaid o insurance. Kapag may isang taong nagtanong sa iyong tungkol sa pag-a-apply para sa Medicaid o insurance sa kalusugan, maaari mong sabihin ang "I am not eligible for health insurance and do not want to apply (Hindi ako kwalipikado para sa insurance sa kalusugan at ayokong mag-apply)".

**Hindi mo kailangang ibigay ang iyong status sa imigrasyon kapag nag-a-apply ka ng insurance para sa ibang tao, tulad ng iyong anak.** Para sa Medicaid, CHIP, at ACA, ang mga taong nag-a-apply lamang para makakuha ng coverage ang kinakailangang magbigay ng kanilang status sa pagkamamamayan o imigrasyon. Kung nag-a-apply ka para sa ibang tao, tulad ng iyong anak, ang kanilang impormasyon lamang ang kailangan mong ibahagi. Kung hindi ka dokumentado at nag-a-apply para sa isang kapamilya, hindi ka dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa iyong status sa imigrasyon. Sa halip, maaari mong sabihin ang, "I am not applying for health insurance for myself (Hindi para sa akin ang ina-apply na insurance sa kalusugan)".

**Maraming imigrante ang kwalipikadong makakuha ng insurance sa kalusugan at makakuha ng tulong sa pagbabayad para sa insurance sa ilalim ng Batas para sa Abot Kayang Pangangalaga (Affordable Care Act, ACA)** Kung naninirahan ka sa U.S. ayon sa batas, maaaring kwalipikado kang bumili ng insurance sa kalusugan. Ang exception lamang ay kung mayroon kang DACA. Depende sa iyong kita, maaaring makatanggap ka ng tulong para sa pagbabayad rito. Maaari kang mag-apply sa pamamagitan ng website tulad ng Healthcare.gov o makakuha ng libreng tulong mula sa taong nagbebenta ng insurance o organisasyon ng komunidad. Pumunta sa <https://localhelp.healthcare.gov/> para makahanap ng libreng personal na tulong sa iyong lugar.

**May karapatang kang makakuha ng libreng tulong mula sa isang interpreter kapag kumukuha ka ng pangangalaga sa kalusugan o nag-a-apply para sa insurance sa kalusugan.** Kung ang iyong tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan ay hindi nagsasalita ng iyong wika, may karapatan kang matulungan ng isang interpreter - nang walang babayaran. Maaaring gumamit ang mga ospital at health center ng komunidad ng bilingual na tauhan, mga serbisyo ng interpretasyon o mga kwalipikadong interpreter na personal na tutulong sa iyo. May karapatan ka rin na magkaroon ng isang interpreter at mga isinalin na masasangunian nang walang babayaran kapag nag-a-apply ka para sa mga programang pangkalusugan tulad ng Medicaid, CHIP, o plano mula sa Healthcare.gov.

**Pananatiliing pribado ang personal na impormasyon na ibibigay mo kapag nag-a-apply para sa insurance sa kalusugan.** Ang anumang impormasyong ibibigay mo kapag nag-a-apply para sa Medicaid, Programang Insurance sa Kalusugan ng Mga Bata (Children's Health Insurance Program) o ACA ay gagamitin lamang para tukuyin ang pagiging kwalipikado mo at para patakbuhin ang programa. Hindi maaaring ibahagi ang impormasyong ito sa tagapagpatupad ng imigrasyon.

**Hindi maaapektuhan ng pagtanggap ng insurance sa kalusugan na mula sa pamahalaan at paggamit ang mga serbisyon pangkalusugan ang iyong status sa imigrasyon.** Hindi makakaapekto sa iyong aplikasyon sa imigrasyon ang mga serbisyon pangangalagang pangkalusugan tulad ng ACA coverage na may tulong pinansyal, Medicaid, CHIP, coverage sa kalusugan at health center ng komunidad na pinopondohan ng estado, at mga serbisyo ng ospital at tulong pinansyal. May isang exception - Kung ang pamahalaan ang nagbabayad para sa iyong pangmatagalang pangangalaga sa isang nursing home o iba pang institusyon, na maaaring magpahirap para maging Lawful Permanent Resident (makakuha ng green card).

**Makakakuha ka pa rin ng pangangalaga nang walang insurance sa kalusugan. Kasama rito ang pangangalaga sa mga health center ng komunidad, mga health center para sa imigrante, mga libreng clinic, at mga pampublikong ospital. Mayroon kang mga opsyon.**

- Para maghanap ng health center ng komunidad o mga health center para sa imigrante: <https://findahealthcenter.hrsa.gov>
- Para makahanap ng libre o kawanggawa na clinic, pumunta sa: [www.nafcclinics.org/find-clinic](http://www.nafcclinics.org/find-clinic)